

## Mensahe ng Punong-bayan

(Bahagi ng inilabas na mensahe noong Mayo 15,2021)

タガログ語

Sa lahat ng mamamayan ng Lungsod,

Biglang tumaas ang bilang ng nahawang kaso sa loob ng bansa.Kumalat narin ito sa lugar na kabilang sa mga nagdeklara ng 「State of Emergency:Kinkyu Jitai Sengen」 at 「Priority measures ng pagpigil ng pagkalat:Man-en Boshito Juten Sochi)」 .

Kahit sa Lalawigan ng Shizuoka ay kumalat at dumadami ang nahawa sa new variant strain ng COVID-19.Ang new variant strain ay madali lamang kumapit sa isang tao.At ibinalita na hindi lamang ang mga matatanda gayundin ang mga kabataan ay maaring humantong sa malulubhang kalagayan.

Ang Lalawigan ng Shizuoka ay kasalukuyang nasa 「STAGE 3」 (Nasa kalagitnaan saan dumadami ang nahahawa ng sakit) .

※Mayroong STAGE 1～4 at pinakamalalang situwasyon ang STAGE 4.

Nabalita na kahit sa Lungsod ng Yaizu ay nagkaroon ng cluster sa isang pasilidad para sa mga matatanda.

Kami ay muling nagbibigay babala na mag-ingat sa mga sumusunod.

①Ugaliin ang pagsusuot ng mask.Mag-ingat sa tinatawag na 3C's 【①Closed spaces (lugar na walang bintana o pintuan) ,②Crowded places (Matataong lugar) ,③Close-contact settings (Lugar na malapitan mag-uusap ang tao)】 .

Kahit man lang isa nito ay dapat iwasan.

②Mariing hinihimok na iwasan maglakbay sa ibang lalawigan hangga't maaari. At Hangga't maaari huwag bumisita sa Lungsod ng Yaizu mula sa ibang lalawigan.

③ Ugaliin ang pagsusuot ng mask kapag makikipag-usap sa ibang tao at tuwing pupunta sa karaoke.Panatilihin ang pisikal na distansya mula sa ibang tao.  
(Lumayo ng 6 na talampakan hanggang maaari)

④Hindi dapat makipag-usap sa tuwing kakain kasama ang ibang tao maliban sa kasapi ng tinitirhang bahay.Esensyal ang pagsusuot ng mask kapag mag-uusap.

⑤Marami ang nagkakahawaan ng sakit habang nagsasalo-salo sa isang barbeque sa labas.Hindi dapat makisali sa isang barbeque kasama ang taong hindi pangkaraniwang kasama palagi.

Ngayon ang pinakamahalagang panahon upang mapigilan ang malubhang paglaganap ng sakit.Tayo ay magka-isa upang maging ligtas ang sarili at ang mga buhay ng ating minamahal.